



دار زايد الثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

الثقافة الإسلامية

Programa ng Islamikong Kultura
اللغة الفليبية

Programa ng Islamikong Kultura

Ang Zayed House for Islamic Culture (ZHIC) ay nagbibigay sa mga bagong Muslim ng mga kurso sa Islamikong Kultura na naglalaman ng mga pangunahing kaalaman sa batas, paniniwala, talambuhay ng Propeta at kaugalian. Gayunding binibigyang-tuon nito ang kahalagahan ng pang-unawa at pagmamalasakit sa kapwa, at pakikisalamuha sa mga tao mula sa iba't-ibang kultura. Ang mga kurso ay mayroong limang pangunahing baitang, na kung saan ang mga artikulo at mga topiko ay inihanda katuwang ang mga dalubhasa sa Islamikong kultura at mga propesyonal na mga mananaliksik.

Layunin ng mga Kurso sa Islamikong kultura:

- Ipaunawa ang ibig sabihin at katuturan ng relihiyong Islam.
- Paghahanda sa mga bagong Muslim upang kanilang maintindihan ang mga pangunahing katuruan at doktrina ng Islam.
- Pagtuturo sa mga bagong Muslim ng kaalaman at praktikal na mga prinsipyo ng Islam.
- Pagtatatag ng mahahalagang pag-uugali tulad ng kahinahunan, moderasyon sa pamumuhay, katarungan, kabutihan sa kapwa, katapatan, bukas na kaisipan, pakikisalamuha, at pagpapa-unlad sa indibidwal at lipunan.

Mga topiko ng bawat baitang:

- **Unang baitang:** Nilalayan ng yugtong ito na ituro ang mga teoretiko at praktikal na mga pangunahing kaalaman sa paghuhugas (wudu) at dasal (salah) sa mga bagong Muslim.
- **Ika-2 baitang:** naglalayong palakasin ang indibidwal na paghahangad ng kabutihan; sa pamamagitan ng kabuuang konsepto at katuturan ng relihiyon, hangad ang tiyak na pagkamit ng mga karapatan at pagganap sa mga obligasyon. Paglalatag sa kanila ng angkop na kapaligirang makatao na kung saan namamayani rito ang pagkakapantay-pantay at paggalang sa kapwa. Pagtuturo sa kanila ng responsibilidad sa sarili at komunidad.

- **Ika-3 baitang:** naglalayong palakasin ang ugnayan ng mag-aaral sa Banal na Koran at tradisyon-sunnah ng Propeta Muhammad(saws), bilang pangunahing pinagmumulan ng espirituwal na patnubay at mga kaalaman ng Islam. Nagtuturo ito sa bagong muslim ng mga mabuting-asal sa kanyang pakikipag-ugnayan sa Allah, kapwa tao, lipunan at sansinukob.

- **Ika-4 na baitang:** naglalayong maitatag ang mga mabubuting pag-uugali at kaasalan tulad ng kalinisan, kaayusan at paggalang sa sarili at pagkahabag sa kapwa. Sa pamamagitan ng pag-unawa at pagmumuni-muni sa mga aral at kaalamang mapupulot mula sa buhay ng Propeta Mohammad(saws), kasama na ng kanyang pag-uugali at pakikitungo sa kapwa.

- **Ika-5 baitang:** Layunin ng baitang na ito na ipaunawa sa mga bagong muslim ang tunay na kahulugan ng “iman” o pananampalataya, at matibay na ugnayan nito sa kasiyahan ng tao. Ipinapa-unawa rin sa kanila ang tunay na kahalagahan ng mabuting pag-uugali sa pagpapatatag ng lipunan.

Haba ng kurso:

Ang bawat kurso sa Islamikong Kultura ay may nakatakdang mga oras, kadalasan nagtatagal ito ng isang buwan kada yugto na may ilang oras depende sa kurikulum. Aabot ng humigit-kumulang 70 oras ang haba ng kabuuang kurso.

Paraan ng Pagrehistro:

Ang pag-rerehistro ay maisasagawa sa pamamagitan ng sumusunod:

- Sa customer service ng main office sa Alain o sa mga sangay nito sa Abu Dhabi at Ajman
- Pagbisita sa ZHIC website (www.zhic.ae)
- Paggamit ng Smart Pass

Kinakailangang dokumento:

- Valid UAE ID card



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555  اتصل على
JUST CALL

PO Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

رؤيتنا : مؤسسة رائدة في التعريف بجوهر الثقافة الإسلامية واستيعاب المهتمين الجدد : Our vision :

A leading organization dedicated to present the essence of the Islamic culture and assimilating new muslims into the society